## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HULYO 6, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

### KAPASIYAHAN BLG. 128-T2009

**KAPASIYAHANG BINIBIGYAN NG KAPANGYARIHAN ANG MGA TRAFFIC AIDES NA MAKAPANGHULI NG MGA LUMALABAG SA BATAS-TRAPIKO AT KUMATAWAN SA PAMAHALAANG BAYAN SA PAGPAPANATILI NG KAAYUSAN UKOL SA PAMAMAHALA NG TRAPIKO SA BAYANG ITO.**

**SAPAGKA'T,** may kahilingan si Inhr. Wilmer P. Eguarras, OIC- Santa Cruz Traffic Management Office, at iniliwat ng Kagalang-galang Punong Bayan Ariel T. Magcalas sa sangguniang ito na mai-deputize ang mga traffic aides bilang pagsunod sa Seksyon 5, Artikulo III ng Kautusang Bayan Blg. 004-T2006 na nagbibigay-laya sa sinumang opisyal ng kapulisan, opisyal ng barangay (kabilang ang mga barangay tanod) at mga traffic aides na itinalaga at kinilala ng Sangguniang Bayan, na magkumpiska ng lisensya at magbigay ng TCT (Traffic Citation Ticket) . . . ;

**SAPAGKA'T,** ang Kautusang Bayan Blg. 004-T2006, na sumasaklaw sa nabanggit na seksyon ay tumutukoy sa pagtatakda ng bagong alituntunin, patakaran at panuntunan sa pagpapatupad ng batas-trapiko sa bayang ito;

**SAPAGKA'T**, ang mga traffic aides na napatalaga at pagkakalooban ng kapangyarihang makapanghuli ng mga lumalabag sa batas-tapiko ay tatagal nang anim na buwan at mare-renew ang kanilang "appointments" ayon sa kanilang kakayahan sa pagganap sa tungkulin.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Oscar F. Feliciano (Tagapamuno ng Lupon sa Kaayusan, Transportasyon at Batas-trapiko), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Ramon D. Tan at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Bigyang-kapangyarihan ang mga Traffic Aides na makapanghuli ng mga lumalabag sa batas-trapiko at kumatawan sa pamahalaang bayan sa pagpapanatili ng kaayusan ukol sa pamamahala ng trapiko sa bayang ito, na kinabibilangan ng mga sumusunod:

1. Inhr. Wilmer P. Eguaras
2. Teddylin S. Fuentes
3. Florante P. Jose
4. Allan M. Delgado
5. Aristeo M. Taleon
6. Alfredo M. Ibañez, Jr.
7. Marlon P. Albay
8. Daniel J. Ambrosio
9. Celso B. Ramos
10. Rolando C. Mirasol
11. Gerald M. Romulo
12. Rogelio N. Leaño
13. Rheynier I. Tabia
14. Carlito G. Labaclado
15. Norverto C. Ching
16. Enil L. Medina
17. Percival C. Arciaga
18. Jonathan C. Acovera
19. Roberto Y. Torres
20. Jose M. Manlabe, Jr.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Inhinyero, Pinunong Pantauan, Kagawaran ng Pulisya, SCTMO at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

Alan T. Pamatmat
**ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan